



MGA MAGULANG AT TAGABIGAY-ALAGA: ANG MGA SANGGOL NA PAGONG AY MAAARING MAGING MAPANGANIB PARA SA KALUSUGAN NG INYONG MGA MINAMAHAL



ATP

Noong 1975, ipinagbawal ng pamahalaang pederal ang pagbebenta/ pama-mahagi ng mga buhay na sanggol na pagong upang maiwasan ang impeksiyong salmonellosis sa mga bata. Itinataya na mga 100,000 kaso ang nahahadlangan bawat taon.



ATP

Ang mga may-ari at posibleng may-ari ng mga reptilya, kabilang ang mga sanggol na pagong, ay dapat maturuan tungkol sa panganib ng mahawahan ng salmonellosis mula sa mga hayop na ito.



CDC1

Maging alisto para sa lahat ng mga reptilya, kabilang ang mga pagong, sa petting zoos, mga parke, sentro ng pag-aalaga ng bata, tahanan o dako ng mga kaibigan na kung saan maaaring may mga bata.

Ang mga reptilya ay di dapat manatili sa mga sentro ng pag-aalaga ng bata, o mga dako na kung saan maaaring may mga maliliit na bata.



CDC2

Kung ikaw ay mapahipo o makahawak ng reptilya o ng kanilang pinamamahayan, siguruhin na hugasang mabuti ang iyong mga kamay ng sabon at tubig.

Kung walang sabon at tubig, gamitin ang alkohol bilang panlinis ng kamay.



GPD

Ang mga taong nasa higit na panganib ng impeksiyon, tulad ng mga batang mas mababa sa 5 taong gulang at mga taong may mahinang resistensiya, ay dapat iwasan ang parehong tuwiran at di-tuwirang (sa pamamagitan ng iba) kontakto sa lahat ng mga reptilya.



CDC3

Bago magdala ng isang bagong bata sa bahay, maghanap ng bagong tirahan para sa mga alagang reptilya at linisin nang lubusan ang bahay.

Ang mikrobyong Salmonella ay maaaring mabuhay sa mga tuyong lugar, tulad ng alfombra at tuwalya, nang mga linggo.

ATP: Courtesy of *Austins Turtle Page*, www.austinsturtlepage.com

CDC1: Content Provider James Gathany, CDC2: Content Provider Dawn Arlotta, CDC3: Content Provider Dr. Hudson

GPD: Google Public Domain

